BAY AREA AIR QUALITY
MANAGEMENT DISTRICT

**NEWS RELEASE**

baaqmd.gov

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Hulyo 27, 2023
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

# Distrito ng Hangin, pinagmumulta ang Chemtrade ng $1,150,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin

*Mga may sirang monitor, nagdulot ng pag-underreport sa mga emisyon ng sulfur dioxide*

**SAN FRANCISCO –** Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ngayong araw na pinatawan nito ang Chemtrade ng multang nagkakahalaga ng $1,150,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin sa manufacturing plant ng sulfuric acid ng Chemtrade sa Richmond. Lulutasin ng nasabing multa ang pitong abiso ng paglabag na ibinigay sa Chemtrade para sa mga naging paglabag sa pasilidad nito sa Richmond.

Sa pangkalahatan, ang mga paglabag ay nauugnay sa tuluy-tuloy na sistema ng pagsubaybay ng Chemtrade, na sumusukat sa mga emisyon ng sulfur dioxide ng planta para matiyak na nakakasunod ang pasilidad sa mga limitasyon sa permit. Hindi nagawa ng Chemtrade na maayos na i-calibrate, patakbuhin, at imentina ang sistemang ito ng pagsubaybay sa loob ng walang taon. Dahil dito, na-underreport ng sistema ng pagsubaybay, sa average, ang mga emisyon ng sulfur dioxide nang tinatayang 33 porsyento kada taon.

“Sa pamamagitan ng malalaking pinansyal na multa para sa mga paglabag na ito, malinaw na naipapabatid sa Chemtrade na dapat ay tama ang pagsubaybay nila sa kanilang mga emisyon ng sulfur dioxide bilang pagsunod sa lahat ng regulasyon sa kalidad ng hangin, nang sa gayon ay maprotektahan ang mga nakatira sa mga nakapaligid na komunidad,” ayon yan kay Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ang pagprotekta sa kalidad ng hangin at sa kalusugan ng mga residente ng Bay Area ang aming pangunahing priyoridad.”

Ang sulfur dioxide ay puwedeng magdulot ng mga hindi kanais-nais na epekto sa respiratory system, at mas nagpapalala ng acid rain. Sa pag-audit ng Distrito ng Hangin, walang nakitang ebidensya na lumampas ang mga emisyon ng sulfur dioxide ng Chemtrade sa mga limitasyon sa permit ng pasilidad. Pero napag-alaman nitong hindi nagawa ng sistema ng pagsubaybay ng Chemtrade na subaybayan ang mga emisyon ng planta sa maaasahang paraan.

Noong Abril 2022, may inilabas na ang Lupon para sa Pagdinig ng Distrito ng Hangin na kautusan para sa abatement na nag-aatas sa Chemtrade na tugunan ang mga problema sa sistema nito ng pagsubaybay. Ang pagtatasa sa multang ito na nagkakahalaga ng $1,150,000 ay magdaragdag ng perang multa sa pagtugon na iyon para sa pagpapatupad. Irerekomenda ng mga staff ng ahensya na pag-isipan ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin na gamitin ang ilang porsyento ng nasabing pondo sa komunidad ng Richmond para mapaganda ang kalidad ng hangin.

Bukod sa mga problema sa sistema ng pagsubaybay, ang multang $1,150,000 ay para din sa mga paglabag na nauugnay sa hindi paggamit sa kinakailangang kagamitan para sa abatement para maiwasan ang mga emission habang nag-a-unload ng mga railcar sa pasilidad; hindi maayos na pag-start up sa planta ng sulfuric acid, na nagresulta sa kitang-kitang madilaw na brown na plume mula sa pangunahing exhaust stack nito; at hindi pag-uulat sa kinakailangang impormasyon kaugnay ng mga paglabag na ito. Naiwasto na ang lahat ng paglabag na naging sanhi ng settlement na ito.

Ang Distrito ng Hangin ay nagbibigay ng Mga Abiso ng Paglabag sa tuwing may nalalabag na partikular na regulasyon o panuntunan sa kalidad ng hangin ang mga pasilidad. Kadalasan, kinakailangan ng mga lumalabag na tumugon sa abiso sa loob ng 10 araw at magsumite ng paglalarawan ng mga gagawin nilang pagkilos para maiwasto ang problema. Ang mga pagkilos na ito ay puwedeng kabilangan ng agarang pagpapatigil sa ilang partikular na operasyon o pagbabago sa mga operasyon o kagamitan para makasunod.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

---

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*